



METRO-DAGUPAN COLLEGES
Serafica Street, Mangaldan, Pangasinan

**ANG PROBLEMANG KINAKAHARAP NG MGA GURONG NAGSASANAY
SA METRO-DAGUPAN COLLEGES
SA PAGHAHANDA NG BANGHAY NG PAGTUTURO**

**ISANG TESIS NA
INIHARAP SA MGA GURO NG
PAARALANG GRADWADO SA METRO-DAGUPAN COLLEGES**

**BILANG PARSYAL
NA GAWAING KAILANGAN SA KURSONG
BATSILYER NG EDUKASYONG PANGSEKONDARYA**

**Nina:
Lea G. Frianeza
Theresa A. Carrera
Mary Jean O. Ramos**





TALAN NG MGA NILALAMAN

APPROVAL SHEET	
PAMAGAT NA PAHINA	
ABSTRAK NG TESIS	
PAGKILALANG-LOOB	i
PAG-AALAY.....	iii
Kabanata 1: SULIRANIN AT SALIGAN NG PAG-AARAL	1
Panimula	1
Teoritikal na Balangkas	6
Paglalahad ng mga Suliranin	12
Mga Pangunahing Asumpsyon	14
Hipotesis	14
Kahalagahan ng Pag-aaral	14
Saklaw at Delimitasyon	15
Sanggunian ng mga Talasalitaan	17
Kabanata 2: MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN	
NG PANANALIKSIK	18
Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik	18
Disenyo ng Pananaliksik	18



Mga Tagatugon sa Pag-aaral	19
Mga Instrumentong Ginamit	19
Pagsusuri ng mga Datos	20
Kabanata 3: PAGLALAHAD, PAGESUSURI,	
AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	22
Kabanata 4: BUOD, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON	26
Buod	26
Konklusyon	28
Rekomendasyon	29
TALA-SANGGUNIAN	31
APPENDISIS	
Katanungan	33
TALA NG BUHAY	36



ABSTRAK NG TESIS

**Pamagat : ANG PROBLEMANG KINAKAHARAP NG MGA GURONG
NAGSASANAY SA METRO-DAGUPAN COLLEGES SA
PAGHAHANDA NG BANGHAY NG PAGTUTURO**

Mananaliksik : Leah G. Frianeza

Theresa A. Carrera

Mary Jean O. Ramos

Kurso : Batsilyer ng Sekondarya sa Edukasyon (Midyor Filipino)

Paaralan : Metro-Dagupan Colleges

Mangaldan, Pangasinan

Taon : 2002-2003

Tagapayo : Gng. Erlie B. Quirimit

Tagapatnugot : G. Dante Bautista

Panimula

Ang isang mag-aaral na nagsisikap upang matagumpay na makapagtapos sa kursong pagkaguro ay nangangailangan ng kakayahan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo. Lubhang marami ang nasasakop nito dahil anumang bagay na ginagamit na pantulong sa pagtuturo ay matatawag na kagamitang pampagtuturo, Bagama't



mahalaga ang lahat ng kagamitang ito, ang paggawa ng banghay ng pagtuturo ang dapat tutukan ng nagsasanay na guro sapagkat ito ang balangkas ng gawain niya sa araw-araw. Ito rin ang nagsisilbing patnubay niya sa pagtuturo at paglinang ng mga tiyak na layunin.

Mahalaga sa isang nagsasanay na guro ang pagplaplano ng aralin kanyang itututro upang siya'y maging mabisa. Kailangan niyang makagawa ng masusing pagbabanghay upang kanyang matamo ang kasanayan sa pagtuturo. Ang uri at haba ng banghay- aralin ay nababatay sa karanasan at kasanayan ng guro. Ang mga gurong may sapat na kasanayan ay maaari nang patnubayan ng maikling banghay, samantalang ang may kakaunti pang kasanayan ay higit na matutulungan ng masusi o di-masusing banghay ng pagtuturo.

Paglalahad ng Suliranin

Pangunahing suliranin ng pananaliksik na ito na tuklasin ang mga problemang kinakaharap ng mga gurong nagsasanay sa Metro-Dagupan Colleges sa paghahanda ng banghay ng pagtuturo.

Layon ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga tiyak na katanungan:

1. Alin sa mga Uri ng banghay ng pagtuturo nahihirapan ang mga gurong nagsasanay?
 - a. Masusing banghay ng patuturo
 - b. Mala-masusing banghay ng patuturo



- k. Maiksing banghay ng pagtuturo
2. Anu-ano ang mga dahilan ng kahirapan sa paggawa ng banghay-aralin sa pagtuturo?
- a. Kakulangan sa paghahanda ng mga materyales
 - b. Kakulangan sa karanasan at kasanayan sa paggawa ng banghay ng pagtuturo.
 - k. Kahirapan sa paggawa ng mga layunin
 - d. Kahirapan sa pagbalangkas ng pagganyak na tanong
 - e. Kahirapan sa gramatika
3. Anong nararapat gawin ng isang nagsasanay na guro upang maluansan ang problemang kinakaharap sa paghahanda ng banghay ng pagtuturo.?
- a. Dapat maglaan ng sapat na panahon sa paggawa ng banghay ng pagtuturo nang masuri pa ito.
 - b. Dapat damalo sa mga pagsasanay o seminar para sa mga guro tungkol sa paggawa ng banghay ng pagtuturo.
 - k. Dapat maintindihang mabuti ang paksang-aralin upang makapagbalangkas ng wastong layunin.
 - d. Dapat may malawak na kaalaman sa pagbabalanglas ng pagganyak na tanong.
 - e. Dapat alamin ang wastong paggamit ng gramatika.



Disenyo ng Pananaliksik

Ang uri ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang pamamaraang “Descriptive Method” na ayon kay Calmorin (1994) na ipinahayag sa Ingles na: “Descriptive method aims to find new truth. It focuses at the present condition and it provides essential knowledge about the nature of objects and persons.” Ang mga datos ay nalikom sa pamamagitan ng mga talatanungan at pagsusulit na sumasaklaw sa mga problemang kinakaharap ng mga gurong nagsasanay at sa pagmamasid sa kanilang gawaing pampaaralan.

Buod

Base sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik, ang kabuuan ay ang mga sumusunod:

1. Alin sa mga uri ng banghay ng pagtuturo nahihirapan ang mga mag-aaral na nagsasanay bilang guro sa Metro-Dagupan Colleges sa kanilang paghahanda sa pagtuturo.
 - a. Suplementong babasahin sa pagtuturo

Ang Masusing banghay ng pagtuturo – ito ang karaniwang inihahanda ng mga mag-aaral na maging guro, mga bagong guro at mga gurong naatasang magpakitang turo. Inilalahad dito ang gawaing-guro at gawaing-bata.



Mala-masusing banghay ng pagtuturo – sa ganitong uri ng banghay ang mga gawain na lamang ng guro ang isinusulat, hindi na kasama ang mga gawaing bata.

Maiksing banghay ng pagtuturo – Ito ay uri ng banghay kung saan dapat tandaan na ang maiksi, mala-masusi, at masusing banghay ng pagtuturo ay magkatulad sa bahaging i at ii nagkakaiba lamang sila sa bahagi iii, sa pamaraan o istrategiya.

b. Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang uri ng pananaliksik na ginagamit sa pag-aaral na ito ay ang pamamaraang “Descriptive Method”. Saklaw nito ang mga mag-aaral na nagtataguyod sa kasalukuyan at mahahalagang pangyayari, paksa at datos na kailangan upang matapos ang pag-aaral na ito. Ang mga datos ay nalikom sa pamamagitan ng mga talatanungan at pagsusulit na sumasaklaw sa mga problemang kinahaharap ng mga gurong nagsasanay at nagmamasid sa kanilang gawaing pampaaralan.

k. Mga Mahalagang Bahagi ng Banghay ng Pagtuturo ay ang mga sumusumod: ito ay layunin, paksang-aralin, mga pamamaraan o Istrategiya o mga gawain sa pagkatuto, pagpapahalaga at takdang-aralin.

d. Mga Kasarian ng Respondente Babae/Lalaki



Sa unang hanay, ipinapakita ang kasarian ng mga respondente na ang pinakamataas ay ang mga babae na may porsyento 84% na may (21) dalawampu't limang kabuuan at ang kasarian ng lalaki ay may apat lamang na ipinapakita ng mababang porsyento na 16% at ito'y binubuo ng (25) dalawampu't limang mag-aaral na may porsyento 100%.

e. **Kurso ng mga respondente BSSED/BEED**

Sa talahanayan, ito ay tumutukoy sa kurso ng mga respondente na nabibilang sa kursong BSSED. Sila ang may pinakamataas na porsyento na 56% na may bilang na labing-apat (14) na mag-aaral na aming nasaliksik at pinakikita ang mababang porsyento na may 44% ang BEED na may bilang na labing isang (11) mag-aaral. May kabuuang 100% o dalawampu't limang (25) mag-aaral ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito.

Konklusyon

Pagkatapos ng pag-aanalisa at pagsusuri sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik, napag-alaman na sa Metro-Dagupan Colleges, Mangaldan, Pangasinan, ang mga mag-aaral sa kursong Edukasyon ay nahihirapan sa paggawa ng iba't-ibang banghay-aralin. Ang suliranin sa paggamit ng suplementong babasahin sa pagtuturo tulad ng masusing banghay, mala-masusing banghay ay karaniwang inihahanda ng mga mag-



aaral na maging guro, mga bagong guro at gurong naatasang magpakitang turo. Mala-masusing uri ng banghay ang mga gawain na lamang ng guro ang isinusulat, hindi na kasama ang gawaing bata. Sa maiksing banghay ng patuturo, hindi na isinusulat ang gawaing-guro at gawaing-bata.

Dapat tandaan na ang masusi, mala-masusi at maiksi banghay ay magkakatulad sa bahagi I at II, magkakaiba lamang sila sa bahaging III sa pamamaraan o istratehiya. Sa kabuuan ang suliranin sa paggawa ng banghay-aralin ng mga mag-aaral sa Edukasyon sa Metro-Dagupan Colleges ay mabigyang karampatang solusyon sa pag-aaral na ito. Gayumpaman, kailangan ang masigasig na pamatnubay ng guro upang ito'y kanilang tangkilikin at basahin.

Rekomendasyon

Batay sa mga nasiyasat at mga natuklasan na inilahad sa konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay nabuo at inilahad.

1. Dapat na dumalo ang mga nagsasanay na guro sa mga seminar o pagsasanay na nauukol sa paghahanda ng banghay ng pagtuturo.
2. Iminumungkahi rin sa mga tagapangasiwang guro na lalong maging matiyaga at maunawain sa mga mag-aaral. Hangaring maibahagi sa kanila ang mga dapat matutunan sa lahat ng pagkakataon at pamamaraan katulad ng paggawa ng banghay-aralin.



3. Para sa ikagagaan at ikatututo ng mga gurong nagsasanay sa kanilang paghahanda ng banghay ng pagtuturo, kinakailangang maayos at malinis ang gagawing banghay-aralin at dapat laging-handa maging ito man ay mahirap o madali. Ang paksang kanilang tatalakayib sa araw-araw ay dapat malapatan ng angkop na pamaraang dapat gamitin.

